



Masayang maging grade-schooler!



Isulat ang pangalan ng estudyante sa titik ng wikang Japanese.

Mga dapat isaisip ng magulang bago magpasukan

1. Huwag kayong masyadong mag-alala o ma-pressure na “Dapat na perpekto ang lahat bago magpasukan.”
2. Kalusugan ng inyong anak ang pinakamahalaga.
3. Kailangang magkaroon ng maayos na pamumuhay.
4. Minimal lamang ang tulong at gabayan ang inyong anak para maging independent.
5. Maglaan ng oras para makapag-usap at makapag-bonding sa inyong anak.



Bago magpasukan... “Kaya mo ba?”

		Kaya	Kailangang magpraktis
1	Marunong magbasa at magsulat ng sariling pangalan sa letrang Hiragana.		
2	Marunong tumingin sa taong nagsasalita at makinig nang tahimik.		
3	Kayang ituro ang kanan at kaliwa.		
4	Kayang sabihin ang pangalan ng mga kulay.		
5	Kayang magtiklop ng papel.		
6	Marunong magtali ng lubid / sintas.		
7	Marunong gumamit ng gunting.		
8	Kayang mapiga ng basahan.		



Mga mahalagang matutunan bago magpasukan

1. Sanayin ang inyong anak na gawin ang sariling gawain nang mag-isa.
2. Sanayin ang inyong anak na magsuot at maghubad ng sarili niyang dyaket at pantalon nang mag-isa.
3. Turuan ang inyong anak na magligpit ng mga bagay na ginamit niya.
4. Sanayin ang inyong anak na maghilamos at magsipilyo.
5. Sanayin ang inyong anak na maghugas ng kanyang mga kamay bago kumain at pagkatapos gumamit ng banyo.

6. Sanayin ang inyong anak na masabi niya sa inyo ang nasa isip niya at ang kailangang sabihin.
Pag-usapan ninyo kung ano ang dapat niyang gawin kapag nagkaproblema o kailangang magpatulong; may naiwan, may nahulog, gustong pumunta ng banyo, masakit ang ulo, masakit ang tiyan, atbp.
7. Sanayin ang inyong anak na ubusin ang anumang pagkain, kahit hindi niya gusto, at kayang tapusin sa loob ng dalawampung (20) minuto.
8. Kayang sabihin nang malinaw ang kanyang pangalan, pangalan ng mga magulang, at numero ng telepono.
9. Sanayin ang inyong anak na masiglang sumagot ng “hai” kapag tinawag siya.
10. Sanayin ang inyong anak na gumising at matulog nang maaga.
11. Sanayin ang inyong anak na kumain ng almusal bawat araw.
12. Sanayin ang inyong anak na sumunod sa takdang oras para hindi siya mahuli sa klase.
13. Alamin ang ruta mula sa bahay patungo sa paaralan at sabay ninyong lakarin.
14. Turuan ang inyong anak kung anong ibig-sabihin ng karatula at signal trapiko sa pedestrian crossing, at marunong tumawid nang maayos.
15. Sanayin ang inyong anak na marunong humawak ng lapis at chopsticks sa tamang paraan.



Paghahanda ng mga gamit at kasuotan sa eskuwela

※Maaaring bumili ng mga ito pagkatapos ng parent's orientation sa bawat paaralan.

◆Mga dapat ihanda sa bahay (Halimbawa)




“Fude-bako”

Pencil case



“Shita-jiki”

Plastic board na ilalagay sa ilalim ng notebook



“Keshi-gomu”

pambura



“Uwagutsu”

Sapatos panloob
gamit sa loob ng paaralan



“Enpitsu”

(5 lapis na 2B at 1 pulang lapis at 1 Kakikata-enpitsu, lapis na 4B para sa pagsasanay sa pagsulat)



Permanent marker (black)

(“My Name”, atbp)




“*Kyūshoku-yō-bukuro*”

Lalagyanan ng mga gamit para sa school lunch



“

Sapatos pang-gym at supot nito Depende sa paaralan kung kailangan o hindi kailang ihanda)



Sumbrerong pang-P.E. Baliktaran ang kulay, pula at puti

※Depende sa paaralan kung anong kailangang ihanda.


Puwedeng bumili ng mga gamit na partikular sa paaralan, ibang mga kagamitan sa paaralan, sansu-set (kagamitan sa Math class), atbp. sa araw ng orientation. Makinig muna kayo ng detalye sa orientation bago bumili.

◆**Kasuotan**

- Damit : Kapag may uniporme sa paaralan, bilhin ang kanilang uniporme. Kapag walang uniporme, pasuotin ang damit na inyong anak ay dapat komportable (madaling isuot at hubarin nang mag-isa)
- Sumbrero: Itinakdang sumbrero pampasok sa paaralan
- Rubber shoes:Komportable at kaya niyang isuot nang mag-isa
- Damit pang-P.E.:Shirt na mahaba / maikling manggas, short pants, sumbrerong pang-P.E. (May itinakdang damit sa paaralan.)



Mga bagay na kailangang dalhin sa paaralan araw-araw



✘ Mga bawal dalhin sa paaralan

Aksesorya (hikaw, singsing, kuwintas, atbp.)

Meryenda (tulad ng gum, biskuwit, kendi, atbp.), Baraha, Video games,

Mobile phone

Puwedeng dalhin ang mobile phone kung may pahintulot na isinumite sa paaralan. Ngunit hindi ito magamit sa loob ng paaralan dahil itago nila ito hanggang matapos ang lahat ng klase.



Iba pa

- ① Tingnan ang renrakucho (kuwaderno ng komunikasyon) at loob ng school bag (randoseru) araw-araw kung may mensahe / impormasyong galing paaralan.
- ② Hangga't maaari, isumite kaagad ang hinihingi ng paaralan.
- ③ Sa letrang Hiragana, isulat nang malinaw ang baitang, klase at pangalan ng inyong anak sa lahat ng gagamitin niya gamit ang itim na permanent marker.



Pag-iingat at pag-aalaga sa kalusugan ng inyong anak

Ipatingin sa doktor ang inyong anak bago magpasukan kung may nakita sa resulta ng medical check-up para sa mga bagong grade-schooler.

- Sirang ngipin
- Hindi normal ang paningin
- Atopic dermatitis (allergy sa balat)
- Tonsillar hypertrophy (pagpapalaki ng tonsil)
- Hindi normal ang pangdinig
- Iba pa (Heart murmur)

★ Kapag may nakitang diperensiya sa resulta ng inyong anak, ipasuri siya sa espesyalistang doktor.

★ Ang malusog na pangangatawan ay batayan ng maayos na buhay-eskwela. Siguraduhin na nasa magandang kondisyon ang katawan ng inyong anak bago magpasukan.



Mensahe mula sa Klinika

- ① May Growth measurement (2 ~ 3 beses sa isang taon). Damit pang-P.E. ang suot ng mga estudyante para rito.
- ② Kapag nasugatan o naaksidente ang inyong anak sa paaralan at ipinatingin sa ospital, may sistemang maibalik ang ilang bahagi ng binayaran sa ospital. Isang beses sa isang taon ang bayad nito (460yen noong nakaraang taon).

★Kapag pumunta sa ospital mula sa paaralan

Dadalhin ang estudyante sa ospital na itinuro ng magulang.

Bilang pangkalahatang tuntunin, dapat sumama ang magulang.

May sitwasyon na hindi magagamot agad kapag walang pahintulot ng magulang. Para maiwasan ang problema, kailangang kayong makontak sa panahon ng emergency.

★Kapag nagkassugat ang inyong anak sa paaralan at pagkauwi niya'y dinala sa ospital

Ipaalam kaagad sa guro (homeroom teacher) ng inyong anak.

※Irehistro at i-save ang numero ng telepono ng paaralan sa inyong mobile phone.

③ Pagpapahiram ng damit

Kapag nadumihan ang damit at underwear ng inyong anak, ipapasuot sa kanya ang pamalit na nasa paaralan (bago kapag underwear). Pakibalik sa paaralan ang bagong biling underwear at ibang damit na nilabhan sa lalong madaling panahon.

★Kapag may inaalala na maihi ang inyong anak sa paaralan

Maglagay ng extrang underwear sa loob ng school bag (randoseru) o lalagyanan ng damit pang-P.E.



Pagpasok at Pag-uwi

Sa Japan ay nakatakda ang papasukang eskuwela depende sa inyong tirahan. Para maiwasan ang aksidenteng trapiko, dapat dumaan sa nakatakdang maligtas na daan ang mga estudyante pagpasok at pag-uwi.

Depende sa paaralan kung *sabay-sabay pinapasok ang mga estudyante sa nakatakdang grupo (*magkapitbahay ang mga estuyanteng nasa isang grupo) tuwing umaga o hindi.

Sa ilang paaralan ay may mga magulang na nagbabantay sa ruta patungong paaralan para protektahan ang mga estudyante.

Sabayan ninyo ang anak ninyo sa ruta mula sa bahay patungo sa paaralan bago magpasukan at ituro ninyo sa kanya kung saan dapat dumaan (kanang bahagi ng daan), kung paano basahin ang signal trapiko, kung paano tumawid ng kalye, kung saan ang delikado, atbp.

Habang hindi pa sanay sa paaralan ang mga grade I student, sasabayan sila ng mga guro hanggang sa kalagitnaan ng ruta nila.



Tingnan kung anong nakikita ng mga bata at siguruhin ang kanilang kaligtasan!



Kapag hindi makakapasok sa paaralan

Kung hindi makakapasok ang inyong anak, ipaalam ninyo sa guro ng inyong anak sa renrakucho (kuwaderno ng komunikasyon) o sa tawag sa paaralan. Kailangang sunduin ng magulang ang kanyang anak kung siya'y uwi nang maaga dahil sa pampamilyang dahilan o masamang kondisyon ng katawan. Hindi siya papayagang umuwi nang mag-isa.

Wikang Japanese		Paraan ng pagsulat
けっせき します	Liliban sa klase ang aking anak	Kesseki shimasu
ちこく します	Mahuhuli sa klase ang aking anak	Chikoku shimasu
そうたい します	Uwi nang maaga ang aking anak	Sōtai shimasu

Dahilan

ねつがある	may lagnat	Netsu ga aru
はきけがする	nasusuka	Hakike ga suru
せきがでる	inuubo	Seki ga deru
かぜをひいた	sinisipon	Kaze wo hiita
あたまがいたい	masakit ang ulo	Atama ga itai
みみがいたい	masakit ang tainga	Mimi ga itai
はがいたい	masakit ang ngipin	Ha ga itai
おなか いたい	masakit ang tiyan	Onaka ga itai
けがをした	nasugatan	Kega o shita
びょういん に いく	pupunta sa ospital magpapatingin sa doktor	Byōin ni iku
ようじ がある	May kailangang gawin personal na dahilan	Yōji ga aru

◆Mga halimbawa ng pagsulat

Halimbawa 1 : けっせき します。かぜ です。

(Isulat) Kesseki shimasu. Kaze desu.

Kahulugan: Liliban ang aking anak sa klase. Siya ay sinisipon.

Halimbawa 2 : ちこく します。びょういん に いく。

(Isulat) Chikoku shimasu. Byōin ni iku.

Kahulugan: Mahuhuli sa klase ang aking anak.

Magpapatingin siya sa doktor.

Halimbawa 3 : そうたい します。ようじ がある。

(Isulat) Sōtai shimasu. Yōji ga aru.

Kahulugan: Uwi nang maaga ang aking anak sa personal na kadahilanan.

★Sa Japan, ang mga bata ay dapat pumasok sa paaralan maliban lamang kung may sakit. Kung maaari ay iwasan ang pagliban o pag-absent dahil sa personal na dahilan.

Kapag may nagbago sa mga sumusunod na impormasyon, kailangang ipaalam agad sa guro ng inyong anak. Magkakaproblema kapag hindi kayo makontak sa oras na kailangang kayong makausap ng paaralan: may itatanong, nagkasugat ang inyong anak at kailangang dalhin sa ospital, atbp.

- ◆ numero ng telepono sa bahay o mobile phone
- ◆ pinagtatrabahuhan, numerong dapat tawagan kapag may emergency, numero ng inyong health insurance
- ◆ Kapag lumipat ng tirahan, kung uuwi sa inyong bansa



Pag-aaral

きょうか 教科 subject	よみかた pagbibigkas	特別に準備 が 必要なもの ひつよう mga kailangang ihanda	きょうか 教科 subject	よみかた pagbibigkas	特別に準備 が必要なもの ひつよう mga kailangang ihanda
こくご Wikang Japanese	KOKUGO		がっかつ Aktibidad sa homeroom class	GAKKATSU	Walang textbook
さんすう Math	SANSŪ	Grade 1-2: sansu-set (<u>kagamitan</u> sa Math class)	どうとく Mabuting asal	DŌTOKU	
おんがく Musika	ONGAKU	Grade 1-2: <u>Keyboard</u> <u>harmonica</u> Grade 3-6: <u>Flute</u> <u>recorder</u>	せいかつ (1年~2年) Kabuhayan (Grade 1-2)	SEIKATSU	
ずこう Sining	ZUKŌ	<u>Watercolor</u> <u>paint</u> Craft work gamit ang iba't ibang materyal.	かていか (5年~6年) Araling pantahanan (Grade 5-6)	KATEIKA	<u>Sewing set</u> Pag-aralan ang pananahi at pagluluto.

たいいく P.E.	TAIKU	※May swimming class	しゃかい (3年~6年) Araling panlipunan (Grade 3-6)	SHAKAI	
しよしゃ/ しゅうじ Penmanship/ Japanese calligraphy	SHOSHA/ SHUUJI	Grade 1-2: Kakikata Enpitsu (lapis para sa pagsasanay sa pagsulat) Grade 3-6: Kagamitan sa Japanese calligraph y Isulat ang mga titik gamit ang itim na tinta.	りか (3年~6年) Agham (Grade 3-6)	RIKA	

★Bumili lamang kayo ng mga kagamitan na kinakailangan sa pag-aaral (mga bagay na nakasalungguhit _____) kapag sinabihan kayo ng guro ng inyong anak. Kung hindi ninyo alam kung saan mabibili, magtanong lamang kayo sa kanya.

※ “Swimming” sa P.E. class

Magsisimula ang swimming class sa kalagitnaan ng Hunyo. Kailangang maghanda ng swimsuit. Kailangan ding tahiin ang tela (o number tag) na may baitang at pangalan sa swimsuit. Basahin ninyo ang detalye sa sulat mula sa paaralan. Ang lahat ng paaralan ay may swimming pool at magkakaiba ang kalaliman at kalakihan depende sa baitang. Kailangang sumali ng lahat ng estudyante sa swimming class kung hindi pinagbabawalan ng doktor.



Pagtulong sa homework ng inyong anak



- ★Pakinggan ninyo ang inyong anak araw-araw habang nagbabasa siya ng malakas (ondoku).
Ang “Ondoku” ay pagbabasa ng malakas sa malinaw na boses.
- ★Alalayan ang inyong anak habang siya’y nag-aaral sa abot ng inyong makakaya.

Makakatulong sa anak ninyo kahit nakaupo lamang sa tabi niya.





School lunch

May school lunch (kyushoku) sa paaralan. Sabay-sabay kumakain ang guro at magkakaklase sa silid-aralan. Iba-iba ang menu ng school lunch (kyushoku) at may araw na kanin ang ihahain at may araw ding tinapay ang ihahain. Mga estudyante ang maghahain nito. Palitan ang paghahain sa lahat ng estudyante at susunod sila sa listahan ng “in-charge” sa loob ng isang linggo.



Kailangang iuwi ang kasuotan sa paghahain (sumbrero, apron, mask) sa Biyernes, labhan sa bahay at dalhin sa paaralan sa Lunes. Buwan-buwan ang pamimigay ng menu.

Kapag may inaalala tungkol sa pagkain, kausapin ninyo ang guro ng inyong anak.



Mga gastos sa paaralan

Sa Japan libre ang matrikula at aklat-aralin.

Ang gastos para sa materyal pang-aral, school lunch, PTA fees, atbp. ay Kailangang bayaran ng magulang. “Mga bayarin sa paaralan (Gakkō Chōshūkin)” ang tawag dito sa kabayaran.

Pare-pareho ang bayad sa school lunch sa loob ng Sakai city pero magkakaiba sa mga paaralan ang sinisingil para sa “Mga bayarin sa paaralan (Gakkō Chōshūkin)” .

Ma-deduct sa bank account ng magulang ang “Mga bayarin sa paaralan (Gakkō Chōshūkin)” buwan-buwan. Sa paaralan ipapaliwanag ang detalye.

Magbubukas ng bank account sa bangkong ituturo ng paaralan.



★“Suporta para sa gastusin sa pagpapaaral ng bata” (Shugaku-enjo)
May sistemang “suporta para sa gastusin sa pagpapaaral ng bata” (Shugaku-enjo) para sa mga pamilyang hindi malaki ang kinikita ng magulang at mahirap magbayad ng mga gastos pang-edukasyon at pang-school lunch. Maaari ninyong itanong sa paaralan tungkol sa sistema nito. Makakatanggap kayo ng suporta mula sa Sakai city kung mag-apply at makapasa sa kuwalipikasyon.



“NOBI-NOBI ROOM” o “SAKAIKKO CLUB”

: Lugar para sa mga bata pagkatapos ng pag-aaral

Sa bawâ t paaralan na nasa Sakai city, may lugar na tinatawag na “NOBI-NOBI ROOM” o “SAKAIKKO CLUB” para magtipon-tipon at gumugol ng oras ang mga bata pagkatapos ng klase. Hindi paaralan kundi ibang organisasyon ang nangangasiwa ng lugar nito. Para sa pag-aapply, puwedeng tumawag sa Division na “Hokago Kodomo Shien-ka” ng Sakai City Office (Phone: 072-228-7491) o kunin ang application form sa NOBI-NOBI ROOM na nasa paaralan na papasukan ng inyong anak. (May kapasidad itong lugar. First-come-first-served basis at kapag may bakanteng upuan pa sila, makasali ang inyong anak kahit nag-umpisa na ang semestre.)

pangalan ng atibidad	para kanino	araw at oras ng pagbukas
NOBI-NOBI ROOM	mga batang may magulang na nagtatrabaho	Lunes hanggang Biyernes: pagkatapos ng klase hanggang 18:30 Sabado at habang may matagal na bakasyon: mula 8:00 hanggang 18:30 Maaaring pahabain (i-extend) ang oras pag may request.
SAKAIKKO CLUB (NOBI-NOBI ROOM + SUKU-SUKU CLASS)	NOBI-NOBI ROOM: tulad ng binanggit sa itaas	NOBI-NOBI ROOM: tulad ng binanggit sa itaas.
	SUKU-SUKU CLASS : lahat na batang nais makihalobilo	SUKU-SUKU CLASS ⇒ Lunes hanggang Biyernes: pagkatapos ng klase hanggang 17:00 Sabado at habang may matagal na bakasyon: mula 9:00 hanggang 17:00

✘Sa “NOBI-NOBI ROOM”, puwedeng gawin ang homework pero hindi puwedeng magpaturo sa ibang tao.

Ang gabay na aklat nito ay ginawa ng Multicultural Family Support Net.

Ginamit ang gabay na aklat para sa mga bagong grade-schooler na “Magiging Grade 1 na ako!” na gawa sa Toyohashi City, Aichi Prefecture bilang reperensiya at ibinahagi dito ang opinyon na nakuha namin mula sa tagapamahala, tagapagturo at mga dayuhan na may anak na nag-aaral.

Ipinapamahagi ito sa “SAKAI PRE-SCHOOL” na nagpapalano at nangangasiwa ng mga aktibidad para makapagsimula ang mga batang may kaugnayan sa ibang bansa at mga magulang nila ng masayang buhay eskwela.

Nakatanggap kami ng subsidy mula sa “Children’s Foundation For A Bright Future” noong 2019 at isinalin namin itong gabay na Aklat sa sa 8 wika, Chinese / Korean / Vietnamese / Filipino / Spanish / Thai / Portuguese / English.

さくせい ねん がつ
作成：2019年12月

Published: December, 2019